

PAGPAPAUNLAD NG PERSONAL NA KAPANGYARIHAN

6

ARALIN

TALAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Maikling Dulo ng Lapis
- Iba't Iba ang Sukat at Hugis Nito
- Mga Simbolo ng Kapangyarihan
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

MGA LAYUNIN

Matuklasan ng mga estudyante na mayroon silang kapangyarihan na makaapekto sa mga resulta ng kanilang buhay.

Makilala ng mga estudyante na ang kapangyarihan ay nasa mga desisyon na kanilang ginagawa.

Makalikha ang mga estudyante ng mga personal na simbolo na nagpapaalala sa kanila ng kanilang personal na kapangyarihan.

MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Papel para sa pagguhit, may kulay na construction paper, may kulay na marker, gunting, tape, pandikit, mga lumang magasin, at anumang iba pang kagamitang pansining na maaaring mayroon ka (Bahagi III)

Gumuhit ng isang pahalang na linya sa pisara. Hatiin ang linya sa 10 bahagi at lagyan ng numero ang bawat bahagi. Sa ilalim ng unang hati, isulat ang salitang “Wala.” Sa ilalim ng gitnang hati (bilang 5), isulat ang salitang “Kaunti.” Sa ilalim ng huling hati (bilang 10), isulat ang salitang “Marami.”

Gamit ang linya sa pisara, sabihin sa mga estudyante na isulat ang isang numero na kumakatawan sa dami ng kapangyarihan na sa tingin nila ay mayroon sila upang gawin ang mga sumusunod:

- Maging nasa paaralan sa tamang oras
- Isuot ang gusto nila
- Baguhin ang isip ng isang tao tungkol sa isang bagay
- Kumuha ng magagandang marka

Pagkatapos pagsamahin ng mga estudyante ang kanilang mga numero, ipaliwanag ang kahulugan ng iskor:

- Ang iskor na higit sa 20 ay nangangahulugan na sa tingin mo ay mayroon kang malaking personal na kapangyarihan.
- Ang iskor na mas mababa sa 20 ay nangangahulugan na minamaliit mo ang iyong personal na kapangyarihan.

Ipaliwanag na ang araling ito ay tututok sa personal na kapangyarihan—ang kapangyarihan na mayroon ang isang indibidwal upang pumili o kumilos.

Bahagi I: Maikling Dulo ng Lapis

15 Minuto

Layunin: Makilala ng mga estudyante na mayroon silang kapangyarihan na makaapekto sa mga resulta ng kanilang buhay.

1. Makikinig ang mga estudyante sa mga panuto.

Ipaliwanag na makikipagtulungan ang mga estudyante nang may ka-partner upang magsagawa ng isang eksperimento. Ang bawat pares ng estudyante ay dapat gumamit ng isang panulat at isang pirasong papel lamang. Pahanapin ng kapareha ang mga estudyante. Pagkatapos, ibigay ang mga sumusunod na tagubilin:

- Hindi mo maaaring kausapin ang iyong ka-partner mula sa puntong ito.
- Dapat magtulungan kayo ng iyong ka-partner, nang hindi nagsasalita, upang gumuhit ng larawan ng isang hayop.
- Parehong dapat hawakan ng magka-partner ang lapis habang gumuguhit—maaaring hawakan ng isa ang lapis sa itaas at ang isa naman ay sa ibaba.
- Mayroon kayong dalawang minuto upang magtrabaho.

2. Magtrabaho ang mga estudyante sa isang pagguhit na may pagtutulungan.

Sabihin sa mga estudyante na magsimula. Maglibot sa silid habang nagtatrabaho ang mga estudyante, na inoobserbahan ang mga interaksyon ng bawat pares at tinitiyak na walang nagsasalita.

Kapag tapos na ang oras, anyayahan ang mga pares ng estudyante na itaas ang kanilang mga guhit at ilarawan kung ano ang kanilang iginuhit. Para lang sa katuwaan, itala kung ilang magka-partner ang hindi nagkasundo tungkol sa uri ng hayop na kanilang iginuhit, at magbigay ng obserbasyon tungkol dito bago magpatuloy.

3. Pagnilayan ng mga estudyante sa kanilang mga karanasan.

Hikayatin ang mga estudyante na talakayin ang eksperimento, ilarawan ang mga aspeto nito na nahirapan sila at kung paano nila nagawang makipagtulungan sa kanilang mga ka-partner. Purihin ang mga estudyante na nalutas ang problema sa komunikasyon sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga tala sa isa't isa.

Ituon ang talakayan sa mga indibidwal na desisyon sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng mga sumusunod:

- Mayroon bang punto sa eksperimento kung kailan ka nagpasya kung makikipagtulungan o hindi?
- Nagkaroon ba ng epekto ang iyong desisyon sa resulta ng eksperimento para sa iyo at sa iyong ka-partner?
- Maaari ka bang nagpasya sa ibang paraan? Magkakaroon ba ng halaga kung gayon?

Ibuod ang talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy na bawat estudyante ay may kapangyarihan na gawing matagumpay o bigo ang eksperimento, dahil bawat isa sa kanila ay may kapangyarihan na magdesisyon tungkol sa pakikipagtulungan. Sabihin sa mga estudyante na madalas ay mas malaki ang kapangyarihan ng mga tao kaysa sa kanilang inaakala.

Bahagi II: Iba't Iba ang Sukat at Hugis Nito

15 Minuto

Layunin: Makilala ng mga estudyante na sa kabila ng mga anyo ng kapangyarihan, ang tunay na kapangyarihan ay palaging nasa mga desisyon na kanilang ginagawa.

1. Tutuklasin ng mga estudyante ang iba't ibang anyo ng kapangyarihan.

Hikayatin ang mga estudyante na mag-isip tungkol sa kung ano ang nagbibigay ng kapangyarihan sa mga tao sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng mga sumusunod. Hikayatin ang mga estudyante na ipaliwanag ang kanilang mga sagot.

- Sa tingin mo ba ay nagbibigay ng kapangyarihan ang pera sa mga tao?
- Sa tingin mo ba ay nagbibigay ng kapangyarihan ang kagandahan sa mga tao?
- Paano naman ang laki ng pangangatawan o edad?
- Nagbibigay ba ng kapangyarihan ang edukasyon sa mga tao?
- Anong iba pang mga bagay ang nagbibigay ng kapangyarihan sa mga tao?

Pag-isipin ang mga estudyante ng isang listahan ng mga pinagmumulan ng kapangyarihan. Isulat ang kanilang mga tugon sa pisara. Pagkatapos, magsagawa ng mabilis na botohan sa klase, bawat item, at itala kung gaano karami ang sumasang-ayon na ang isang partikular na item ay talagang nagbibigay ng kapangyarihan sa mga tao. Maglagay ng bituin sa tabi ng mga item na sinasang-ayunan ng karamihan sa mga estudyante. Pansinin na tila ang kapangyarihan ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo.

2. Isasaalang-alang ng mga estudyante ang mga taong may kapangyarihan.

Ipagpatuloy ang talakayan sa pamamagitan ng pag-anyaya sa mga estudyante na magpangalan ng dalawa o tatlong tao na may higit na kapangyarihan kaysa sa kanila. Malamang na pangalanan ng mga estudyante ang mga guro, punong guro, nakatatandang kapatid, at mga magulang/guardian. Anyayahan ang mga estudyante na magbigay ng mga tiyak na halimbawa kung paano mas may kapangyarihan ang mga taong ito.

3. Matunton ng mga estudyante ang pinagmulan ng tunay na kapangyarihan.

Siyasatin ang bawat halimbawang ibinigay sa pamamagitan ng paggawa ng mga pahayag at pagtatanong upang ipakita sa mga estudyante na sila mismo ang may hawak ng tunay na

kapangyarihan. Halimbawa, kung naniniwala ang isang estudyante na may kapangyarihan ang isang guro dahil maaari nilang utusang manatili sa paaralan ang mga estudyante pagkatapos ng klase, gawin ang mga sumusunod na punto nang sunud-sunod:

- Hindi kailangang utusan ng guro na manatili sa paaralan ang isang estudyante pagkatapos ng klase.
- Kailangang magdesisyon ng guro tungkol dito.
- Upang makarating sa puntong iyon, dapat munang gumawa ng desisyon ang isang estudyante.
- Anong desisyon ang dapat ginawa ng estudyante? (*Dapat nagpasya ang estudyante na lumabag sa isang tuntunin, kung kaya ang kahihinatnan ay ang utos na manatili siya sa paaralan pagkatapos ng klase.*)

Habang tinatalakay mo ang iba pang mga halimbawa, hikayatin ang mga estudyante na sundan ang isang katulad na landas ng lohika upang matunton ang pinagmulan ng kapangyarihan pabalik sa kanilang sariling mga desisyon.

Tanungin ang mga estudyante kung sa tingin nila ay isang uri ng kapangyarihan ang kakayahang pumili. Habang sumasang-ayon ang mga estudyante, idagdag ito sa listahan sa pisara at bilugan ito. Sabihin sa mga estudyante na gugugol sila ng oras sa huling bahagi ng kursong ito sa pag-aaral kung paano gumawa ng mas mahusay na mga desisyon.

Bahagi III: Mga Simbolo ng Kapangyarihan

15 Minuto

Layunin: Makagawa ang mga estudyante ng mga simbolo na nagpapaalala sa kanila ng kanilang personal na kapangyarihan.

1. Matalakay ng mga estudyante ang kahulugan ng mga simbolo.

Saglit na talakayin ang kahulugan ng mga simbolo sa mga estudyante, na tinitiyak na nauunawaan nila kung paano kumakatawan ang mga simbolo sa isang bagay na espesyal sa mga tao. Ipaliwanag na ngayon ay mag-iisip sila at lilikha ng isang simbolo na nagpapaalala sa kanila ng kanilang personal na kapangyarihan.

Anyayahan ang mga estudyante na magbigay ng mga halimbawa ng mga simbolo na nauunawaan ng lahat, tulad ng watawat ng Amerika at kung paano nito ginagamit ang mga bituin at guhit upang sumagisag sa mga estado sa unyon. Upang hikayatin ang kanilang pag-iisip, gumuhit ng isang internasyonal na simbolo o isang pamilyar na karatula sa kalye sa pisara. Maaari ka ring magbigay ng isang pamilyar na senyas gamit ang kamay. Hikayatin ang mga estudyante na mag-isip ng maraming iba't ibang simbolo hangga't maaari.

2. Makalikha ang mga estudyante ng mga personal na simbolo.

Anyayahan ang mga estudyante na pumili ng anumang kagamitang pansining na gusto nilang gamitin sa kanilang mga personal na simbolo. Ituro na maaari silang gumuhit, gumupit at magdikit, o gumamit ng kumbinasyon ng mga pamamaraan upang buuin ang kanilang mga simbolo. Ipaliwanag na ang mga estudyante ay maaaring humiram ng isang simbolo o lumikha ng isang natatanging simbolo na may espesyal na kahulugan para sa kanila.

Maglibot sa mga estudyante habang sila ay nagtatrabaho, na nag-aalok ng panghihikayat at suporta. Kung mukhang interesado ang mga estudyante, ipakita ang kanilang mga simbolo sa silid nang ilang sandali bago ipasok ang mga ito sa kanilang mga folder.

Konklusyon

2 Minuto

Ipalarawan sa mga estudyante ang uri ng kapangyarihang mayroon sila. Tanungin sila kung gaano kadalas sila may pagkakataong gamitin ang kapangyarihang iyon. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang personal na kapangyarihan ay nasa mga pagpili na iyong ginagawa.
- Ang iyong mga pagpili ay magkakaroon ng epekto sa iyong sariling buhay at madalas sa buhay ng iba.
- Ikaw lamang ang may pananagutan sa kung paano mo ginagamit ang iyong kapangyarihan.

Pagtatasa sa Estudyante

1. Maglista ng tatlong bagay sa iyong buhay kung saan mayroon kang kapangyarihan.
2. Maglista ng tatlong bagay na maaaring magbigay sa iyo ng kapangyarihan. Paano nasa loob o wala sa iyong kontrol ang mga bagay na ito?
3. Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan ginamit mo ang iyong kapangyarihan. Ipaliwanag kung anong uri ng kapangyarihan ang iyong ginamit.

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Dapat nating tutukan kung ano ang kaya nating gawin, at alisin ang ‘hindi kaya,’ ‘ayaw,’ at ‘hindi ko iniisip’ sa ating bokabularyo.”

Hilingin sa mga estudyante na itala ang mga komento na nagpapababa sa sarili na narinig sa klase sa loob ng linggo. Tagubilinan ang mga estudyante na pagtalakayan ang mga paraan upang gawing positibong pahayag ang mga komentong ito (hal., ang “Ang tanga ko” ay nagiging “kung ipagpapatuloy ko ito, makukuha ko rin”).

PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na maglakad-lakad sa paligid ng kanilang lugar at obserbahan ang kanilang paligid. (Maaari mo ring ipagawa sa kanila ang mga obserbasyong ito bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na gawain.) Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin kung ano ang pinakagusto nila sa kanilang lugar at kung ano ang gusto nilang baguhin. Tagubilinan ang mga estudyante ma pagtalakayan ang mga paraan kung paano nila maiimpluwensyahan ang kanilang mga komunidad. Talakayin kung paano makakatulong sa kanila na maramdamang makapangyarihan sila sa pamamagitan ng paglikha ng pagbabago.

PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na sumulat ng isang talata tungkol sa kung ano ang kanilang babaguhin kung mayroon silang kapangyarihan ng isang superhero. Paano nila babaguhin ang kanilang mga tahanan, paaralan, o mga pagkakaibigan? Tagubilinan ang mga boluntaryo na magbahagi ng isang pagbabago na gusto nilang gawin. Tagubilinan ang ibang mga estudyante na magmungkahi ng unang hakbang upang maging posible ito.

KONEKSYON SA KURIKULUM NG PANGUNAHING NILALAMAN

Isara ang isang aralin sa kasaysayan, agham, o panitikan sa pamamagitan ng paggawa ng tsart kung ano ang mangyayari kung ang isang pangunahing tauhan ay pumili sa tuwing may pagkakataon siyang gawin ito. Halimbawa, talakayin kung ano ang maaaring nangyari kung pinili ng mga unang settler na Amerikano na manatili sa Europa. Pagawain ang mga estudyante ng mga katulad na tsart sa maliliit na grupo.

TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng mga listahan na naghahambing sa dami ng personal na kapangyarihan na mayroon sila ngayon sa kapangyarihang mayroon sila noong sila ay mas bata pa. Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang gawa. Talakayin kung paano maaaring mawala ang personal na kapangyarihan kung hindi ito responsableng gagamitin.

MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang “Life Doesn’t Frighten Me” ni Maya Angelou. Tagubilinan ang mga estudyante kung paano ipinapakita ng tulang ito ang paggamit ng personal na kapangyarihan.